

MEMO

Handwriting practice area with 20 horizontal dotted lines.



## ● Maligayang pagdating sa Lungsod ng Kawaguchi (Panimula)

Mayroong higit sa 600,000 residente sa Kawaguchi kung saan 1 sa 16 ay dayuhan. Iba't iba ang dahilan ng pag-punta sa Japan. At lahat ay nagpursiging matutunan at maunawaan ang mga kaugalian ng pamumuhay, kaya sa kasalukuyan, sila ay masaya at matiwasay na namumuhay sa Japan.

Maaaring nakaranas ng hirap sa sistema at patakaran ang mga dumating sa Japan, Kawaguchi sa unang pagkakataon. Ngunit, sa pag-tutulungan ng mga lokal na residenteng hapon at ng mga dayuhan na igalang at unawain ang bawat kultura, mapayapa at masayang pamumuhay ang naghihintay sa araw-araw.

Para sa ikatataguyod ng multi-kulturang pagkakaisa ng Kawaguchi, nawa ay maipamalas sa ano mang paraan ang kakayanan ng bawat isa.

### 1 Patakaran at tamang pag-uugali sa pamumuhay


#### 1.1 Paraan ng pagtatapon ng basura

Depende sa lokalidad at gusali ng tirahan, iba-iba ang paraan ang pagtatapon ng basura. Pero, ang tamang paraan ng paghiwa-hiwalay ng basura ay magbibigay daan para makagawa ng panibagong materyales na makabubuti hindi lamang sa tao pati na rin sa kapaligiran.

#### Kateikei Gomi : Pambahay na basura (basura mula sa mga tahanan)


Dalawang uri ang istasyon ng tapunan ng basura mula sa mga tahanan, 「Ippan Gomi Station: pangkaraniwang basura」 at 「Shigenbutsu Station: basurang maaaring i-recycle」. Ilabas ang basura sa takdang araw at oras hanggang 8:30 ng umaga. Hindi kokolektahin ang mga basura kung hindi susunod sa patakaran. Magtanong sa kapit-bahay o makipag-ugnayan sa munisipyo tungkol sa lugar ng tapunan.

#### 「Ippan Gomi Station: istasyon ng pangkaraniwang basura」


- Ippan Gomi: Pangkaraniwang basura (hilaw na basura mula sa pagkain, litrato, bag, stuff toys) Dalawang beses isang linggo (araw ng koleksyon ay depende sa lokalidad)
- Yuugai Gomi: Mapaminsalang basura (katulad ng fluorescent lights at iba pa) dalawang beses isang linggo (araw ng koleksyon ay depende sa lokalidad)
- Pambalot na yari sa plastic (may markang ) isang beses isang linggo (tuwing Miyerkules)



Ippan Gomi





Yuugai Gomi



Pambalot na yari sa plastic


#### 「Shigenbutsu Station: maaaring i-recycle na basura dalawang beses isang buwan (araw ng

koleksyon ay depende sa lokalidad)

- Bote (lalagyan ng alak, inumin, at panlasa ng pagkain)
- Lata ng inumin (lalagyan ng juice, alak, may markang aluminyum, bakal )
- PET Bottle (lalagyan ng inumin at alak na gawa sa plastic. May markang )
- Tela (lumang damit, blanket at iba pa)
- Metal (delata, lata ng spray, kawali at iba pa)
- Papel (diyaryo, magasin, karton, kahon na yari sa karton, pambalot na yari sa papel)

#### 「Iba pang basura」

- Baterya
- Sodai Gomi: Oversized or malalaking basura (lampas ng 40cm sukat palibot)
- Kasangkapang dikuryente na naaayon sa Electric Appliance Recycling Law (TV, ref, freezer, aircon, dryer ng damit )



Patnubay sa pagbubukod, at paghanap ng araw ng koleksyon ng basura




#### Kolum 1

Pinagkainang obento, upos ng sigarilyo ng mga empleyado, anuman ang dai at uri, basura mula sa tindahan, pabrika, opisina mga kainan at iba pa ay hindi basura mula sa tahanan. Lahat ay masasabing Jigyuu Gomi basura mula sa negosyo, at siguradong hindi maaaring itapon sa istasyon ng tapunan ng basurang mula sa tahanan. Ang pagtatapon ng maling paraan ay maaaring patawan ng hindi bababa sa 5 taon ng pagka-bilanggo o multa ng hindi bababa sa 10 milyon yen. Bilang karagdagan, maaaring pareho ang ipataw, kaya dapat mag ingat.

## 1.2 Mga patakaran, kaugalian sa trapiko

### 1.2.1 Taong nag lalakad, bisikleta

- Bilang patakaran, taong naglalakad ay sa kanan, sasakyan ay sa kaliwa.
- Ilaw trapiko, tawiran at tulay tawiran, tumawid sa ligtas na lugar.
- Sa tawiran sa railway crossing, palaging huminto bago dumating sa riles, tiyaking walang dumadating na tren sa kaliwa't kanan. Kapag nagsimula ng tumunog ang alarm, huwag magtangkang pumasok sa bumababang halang. Bilisan ang pagtawid sakaling tumunog ang alarm habang tumatawid sa riles.
- 5 Patakaran sa bisikleta
  - A. Bilang patakaran, dumaan sa daanan ng sasakyan. Maliban kung tulak ang bisikleta.
  - B. Dumaan sa kaliwang panig ng kalsada.
  - C. Ang mga naglalakad ang prayoridad sa bangketa. Bagalan ang pagtakbo sa bangketa.
  - D. Sundin ang patakaran para sa kaligtasan.
    - Iwasan magmaneho kung nakainom ng alak.
    - Bawal ang angkasan o pagtakbo ng magkahilera.
    - Buksan ang ilaw kung dumilim na.
    - Sundin ang ilaw trapiko.
    - Huminto panadalian sa interseksyon, tiyakin ang kaligtasan.



E. Pagsuotin ng helmet ang mga bata.



\*Ipinag-uutos ng Saitama Prefecture ang mandatoryong pagsapi sa insurance ng bisikleta.  
<http://www.pref.saitama.lg.jp/a0311/jitensya/jitensyajyourei.html> (Nihongo lamang)

### 1.2.2 Bus, Tren

Malaking ginhawa ang bus at tren bilang pampublikong transportasyon sa Kawaguchi, kaya naman marami ang gumagamit nito sa pagpasok sa paaralan at sa opisina. Ugaliin ang tamang ugali para sa ikaginhawa ng lahat.

- Sundin ang patakaran sa pila. Pumila sa pagsakay at baba. Huwag sumingit sa naunang pumila.
- Huwag manigarilyo. Bawal manigarilyo sa hintuan, home at sa loob ng sasakyan. May mga taong maaaring makalanghap ng usok. Manigarilyo sa tamang lugar.
- Iwasan ang pakikipag-usap. Maaaring maka istorbo sa tao sa paligid kaya iwasan ang pakikipag-usap sa loob ng sasakyan. Makipag-usap paglabas sa bus at tren.
- Iwasan ang malakas na tunog sa pakikinig ng musika.
- Itinuturing na kaaya-aya ang pakikinig sa musika subalit maaaring ingay para sa iba. May mga taong gusto ng katahimikan. Gumamit ng earphone upang maging masaya sa pakikinig at hindi maka abala sa iba.



### 1.2.3 Kotse. Motorsiklo at iba pa

Kailangan ng lisensya sa pagmamaneho ng kotse at motorsiklo sa Japan. Dahil dito, kailangang pumasa sa pagsusulit para sa lisensya sa pagmamaneho, pati na ang pagpalit ng lisensya ng ibang bansa sa lisensya ng Japan.

Makipag-ugnayan sa Saitama Police Driver's License Center (P 105) para sa iba pang usapin na may kinalaman sa pagmamaneho.

Ang kotse at motorsiklo ay napaka kombinyenteng sasakyan, ito rin ay mapanganib at maaaaring pumatay ng buhay ng tao. Isaisip ang mga ito habang nag mamaneho ng kotse at motorsiklo, sundin ang batas at magmaneho ng may pagmamalaskit.


### 1.3 Tamang kaugalian sa pamumuhay

#### 1.3.1 Pakikipag-usap sa kapit-bahay.

Ang mga hapon ay kahanga-hanga pagdating sa pakikipag-ugnayan sa lokal na residente. Mahalaga sa kanila ang pakikipag-ugnayan sa mga kapit-bahay para sa panahon ng kalamidad. Simula sa kinaugaliang pamumuhay, pagbati, pakikipag-ugnayan sa kapit-bahay, panatilihin ang pakikisama na may paggalang sa isa't-isa.

#### 1.3.2 Babala sa ingay.

Ang mga bahay sa Japan ay malapit sa katabing bahay at ang malaking tunog ay magiging dahilan ng problema ng magkapit-bahay. Iwasan ang malakas ng boses sa paguusap, paglikha ng malaking tunog sa pakikinig ng tv at musika. Panatilihin ang katahimikan lalo na sa gabi, 9:00 hanggang 7:00 ng umaga. Bigyan ng importansya ang naninirahan sa kapaligiran.



#### Kolum 2

Sigaw? Malaking tunog? Paano malalaman?

Iba iba ang dating ng ingay sa bawat tao. Mahirap ipaliwanag kung gaano kalakas ang maingay. Malalaman ang pag kakaiba kung ihahambing sa kinalakihang bansa at sa Japan, lalo sa sa gabi. Nirespeto ng Japan ang kultura ng katahimikan, kaya sana ay irespeto din natin ang ganitong kultura.

#### 1.3.3 Bigyang halaga ang lugar para sa lahat.

Iwasan lagyan ng ano mang bagay ang pasilyo at hagdan ng masyon o apartment. Ito ay magiging sagabal sa paglikas sa panahon ng lindol, sunog o kalamidad. Mag-ingat.



#### 1.3.4 Iwasan ang umistambay.

Iwasan ang magtumpukan, sumalampak, mag ingay sa tindahan o parke. Ito ay maaaring magbigay ng pagkabahala sa mga taong tumatangkilik sa lugar.

#### 1.3.5 Panatilihin ang kagandahan ng kapaligiran.

Iwasan ang pagkalalat. Protektahan ang kagandahan ng Kawaguchi.

### 1.4 Kabayanan, Samahan ng mga residente

Layunin ng kabayanan, asosyon ng residente na panatilihin at pangalagaan ang magandang pamumuhay sa nasasakupang lugar.

#### [Mga halimbawa ng aktibidad ng kabayanan, asosyon ng residente.]

- Para sa kaligtasan, kapayapaan (aktibidad sa kalamidad, krimen, kaligtasan sa trapiko)
- Para sa kagandahan ng kapaligiran (aktibidad sa pagpapaganda ng paligid)
- Para sa impormasyon (aktibidad sa relasyong pampubliko)
- Para sa malusog at masayang pamumuhay (aktibidad sa kulura, sports, libangan)
- Para sa suporta sa bawat isa (aktibidad sa kapakanan)

Sa pagsapi, kailangan magbayad ng membership fee. Mangyaring sumali sa kabayanan or asosyon at unawain ang layunin ng mga aktibidad. Sa pagsali, mauunawaan ang kaugalian ng Japan at ng nasasakupan at magiging malapit sa mga kapit bahay. Sa paraan ng pagsapi, makipag-usap sa pinuno ng kabayanan, president o lider ng asosyon.

Kung hindi alam ang inyong kabayanan o asosyon ng residente, makipag-ugnayan sa munisipyo.

#### Kolum 3

Nasa mansion at apartment?

Maaring makasali sa kabayanan o asosyon ng mga residente kahit nakatira sa mansion o apartment. Mayroong samahan na nang-ngasiwa sa mansion o apartment. Lahat ng naninirahan ay obligadong sumapi. Maaaring magkakaiba ang pamamaraan ng bawat asosyon. Sa pagsali maaaring makipag-ugnayan sa munisipyo o di kaya ay sa kumpanya na kung saan pumirma ng kontrata.

### 1.5 Prevention sa kalamidad at krimen

#### 1.5.1 Prevention sa kalamidad

Ang Japan ay bansa na may maraming kalamidad lalo na ang lindol. Ano mang oras lumindol, kailangang magkaroon ng kaalaman sa prevention ng kalamidad.

**Preparasyon 1.** ipirmis ang mga muwebles sa dingding o pader para hindi gumalaw pag lumindol.

**Preparasyon 2.** Listahan ng kailangan kung emergency, maglaan ng stock.

**Preparasyon 3.** Kumpirmahin ang pinakamalapit na evacuation center.

**Preparasyon 4.** Pag-usapan ng buong pamilya kung ano ang dapat gawin sa panahon ng kalamidad.



Kung lumindol...

- Pangalagaan ang kaligtasan ng sarili (DROP umupo) → COVER (protektahan ang ulo) → HOLD ON (huwag gumalaw)
- Kumpirmahin ang pinanggagalingan ng apoy
- Siguruhin ang daan ng paglikas
- Kaligtasan ng pamilya
- Patayin ang breaker
  - \* Para ma proteksyonan ang pamilya at mahal sa buhay, unahing protektahan ang sarili (Unahin ang sarili). Pagkatapos matiyak ang kaligtasan ng pamilya, makipagtulungan sa kapit-bahay. (Pagdadamayan)

### 1.5.2 Prevention sa Krimen

#### A. Magnanakaw ng bisikleta

Maliban sa parking ng bisikleta at kalsada, maaaring manakaw ang bisikleta sa lugar malapit sa bahay. Kahit na nakakandado maaari pa ding manakaw. Lagyan ng dalawa o mas marami pa.

### B. Pagnanakaw sa loob ng sasakyan


Maaring manakaw ang iniwang bag o wallet sa loob ng sasakyan.

- Kung iiwan ang sasakyan siguruhing i-lock
- Iwasan mag iwan ng mahahalagang bagay sa loob ng sasakyan.
- Ipark ang sasakyan sa parking na may mahusay na gamit na proteksyon sa krimen,
- Gumamit ng kagamitan sa seguridad.

#### 1.5.3 Pinsala sa bata

Ang bata ay maaaring matanong o masundan sa parke o kalsada.

- Huwag sumama sa hindi kakilala
- Iwasan mapag-isa
- Sumigaw ng saklolo kung natatakot
- Magpaalam sa miyembro ng pamilya kung aalis



#### 1.5.4 Pandurukot (pagnanakaw)

Target ng mandurukot ang mga taong naglalakad o nagbibisikleta.

- Ipwesto ang bag salungat sa daanan ng mga sasakyan
- Takpan ang basket ng bisikleta
- Itago ang mahahalagang bagay
- Maging alerto sa paligid



#### 1.5.5 Pinsala sa kababaihan

Target ang mga babaeng umuwi nang magisa sa hating gabi.

- Piliin dumaan sa maliwanag na lugar
- Magdala ng buzzer para sa seguridad
- Mapanganib umuwi habang nakikinig sa musika o tumitingin sa telepono
- Iwasan ang mga ito



### 1.6 Medikal


- Kung nagkaskit o naaksidente, magsama ng taong nakakapagsalita ng Niponggo para sa maayos na konsultasyon.
- Mahal ang bayad sa konsultasyon sa mga taong walang health insurance kaya siguraduhing mag miyembro sa National health insurance o health insurance ng kumpanya.
- Tumawag sa 119 kung emergency ( malaking pinsala o walang malay dahil sa aksidente) Libre at bukas 24 oras sa mga tawag.

### 1.7 Interpretasyon, pagsalin sa ibang wika

Hindi tumatanggap ang munisipyo ng Kawaguchi para sa pansariling interpretasyon o pagsalin sa ibang wika. Kung kinakailangan ng tagasalin sa ibang wika sa pamamaraang administratibo, pag-aasikso ng status of residence, o pagkonsulta sa ospital, maaaring pakiusapan ang miyembro ng pamilya o kaibigan na nakakapagsalita ng Niponggo or kumpanyang nag sasalin sa ibang wika. Maaari ding magtanong sa konsultasyon sa pakikipag ugnayan para sa mga dayuhan sa Saitama. (P 105)

## 2 Pag-aayos ng papeles sa munisipyo

### ● Patakaran sa paglipat



\* Ang mga nasa itaas ay batayan lamang. Mayroon ding exception kaya magtanong sa kinauukulan.

### 2.1 Pagpaparehistro bilang residente

Kailangang magparehistro ang mga taong may mid-long term status(residence status) bilang residente na lumipat at nagsimulang manirahan sa Kawaguchi hindi lalampas ng 14 na araw. Para sa mga lilipat mula sa Kawaguchi, kailangan asikasuhin ng maaga ang pagproseso ng paglipat.

#### Kolum 4



Ang resident card ay mahalagang katunayan ng pagkikinlanlan. Dalhin palagi. Sa usapin tungkol sa resident card, makipag ugnayan sa Tokyo Immigraton. (P 105)

### 2.2 My Number System

Ang My Number ay 12 digit number na ipinagkakaloob sa lahat ng taong naninirahan at may address sa Japan at gagamitin sa 3 sangay, sa tax, social security at disaster management.

Pagdating sa Japan sa unang pagkakataon, sa pagpaparehistro bilang residente, ipapadala ang abiso ng 「My Number」 sa inilagay na address sa resident certificate. Alinsunod sa nakasaad sa abiso ng My Number, mag apply ng My Number Card. Ang My Number Card ay I- susumite sa kumpanyang pinagtrabahuhan. Sa paglipat, kailangan ang proseso sa pagbabago ng address. Ito ay napaka importante, kaya iwasang mawala o manakaw. Ingatan at itago ng maayos.

※Ang card ng abiso ay ipinawalang bisa Mayo 25, 2020.

#### kolum 5



Ano ang my number system?  
Ito ay inilunsad para sa kabutihan, kagihawaan, at patas na kapakanang panlipunan ng lahat sa larangan ng panlipunang seguridad, buwis at kontra sakuna.

### 2.3 Buwis

Ang mga residente sa Japan ay obligadong magbayad ng buwis anuman ang nasyonalidad.

Maraming uri ng buwis pero ang buwis na binabayad natin ay ginagamit sa ibat-ibang administratibong serbisyo sa edukasyon, kapakanan, medical, kultura, kapaligiran at industriya. Tuparin ang tungkulin sa pagbabayad ng buwis.

#### kolum 6



Kakailanganin ang sertipikasyon ng pagbabayd ng buwis sa pag babago ng status of residence. Mag ingat na hindi makaligtaan ang pagbabayad ng buwis para maiwasan ang problema.

## 2.4 Pensyon

Ang pensyon ay sistema ng suporta sa pamumuhay para sa pag reretiro, sa panahon ng pakabaldado dahil sa aksidente o pagkawala ng naghahanap buhay sa pamilya. Ang mga taong naninirahan sa Japan na may edad na 20 hanggang 60 ay obligadong sumali sa sistema ng pensyon.

Pambansang pensyon: may ari ng kumpanya at taong walang hanap buhay

Pensyon ng empleyado: mga taong may visa na nagtrabaho sa kumpanya, kanilang pamilya at asawa

Kung matugunan ang mga kondisyones, maaaring matanggap ang ilang bahagi ng pensyon na ibinayad sakaling mag desiyon na umuwi na sa sariling bansa. Para sa mekanismo ng pensyon makipag-ugnayan sa Urawa Pension Office (P105)

## 2.5 Seguro pangkalusugan

Ang seguro pangkalusugan ay itinatag na may layuning mabawasan ang pasanin at magkaron ng kapayapaan ng isip sa panahon ng pagkakasakit o kung nasugatan. Makakatanggap ng pangangalaga sa medisina batay sa binayaran. Hindi lamang sa pansariling kapakanan bagkus ay para sa lahat. Itaguyod ang tulongan sa bawat isa at gampanan ang tungkulin sa pagbabayad.

Pambansang segurong pangkalusugan:

Mga taong may visa higit sa 3 buwan hindi kasama ang may edad na 75 taong gulang.

Segurong pangkalusugan ng kumpanya:

Mga taong may visa na nagtatrabaho sa kumpanya pati ang pamilya.

## 2.6 Kasal, Pagbubuntis, Panganganak

Magiging opisyal na magasawa kung nagreport ng pagpapakasal.

Pati na rin sa pagreport ng pagdadalang tao o buntis, makakatanggap ng handbook ng kalusugan para sa ina at sanggol na magiging talaan ng pagbabakuna at konsultasyong medical kaya ingatan ito.

Kailangang ireport ang panganganak sa Japan sa loob ng 14 na araw. (hindi lalampas ng 30 araw kasama ang araw ng pagkakapanganak. Kailangan mag ayos ng papeles sa sariling embahada at sa Tokyo immigration office.)



## 2.7 Pangangalaga sa bata

### 2.7.1 Gastos ng medikal

Upang gawing madali makatanggap ang bata ng pangangalagang medikal, may sistema ng pagbabayad ng ilang bahagi para sa gastos medikal ng bata. Para magamit ang sistemang ito, kailangan ang pagparehistro ng kuwalipikasyon. Sa panganganak o paglipat, magproseso sa loob ng 15 araw.

### 2.7.2 Checkup para sa sanggol

Ang checkup ng sanggol ay mahalagang bagay para masubaybayan ang malusog na paglaki ng bata. Ang abiso ay ipapadala sa tahanan. Huwag kalimutang komunsulta. Bilang karagdagan, bibisitahin ng nars, kumadrona ang tahanan ng bagong panganak na sanggol. Kung may katanungan tungkol sa pangangalaga, kumunsulta.

### 2.7.3 Bakuna

Ang Kawaguchi ay nag sasagawa ng regular na pagbibigay ng bakuna para makaiwas sa impeksyon, mabawasan at maiwasan ang pagkakasakit. Magpapadala ng anunsyo sa tahanan ng mga batang kailangan ng bakuna. Suriin ang nilalaman ng abiso.

### kolum 7



Para sa mga lumipat, hindi na ipapadala ang abiso sa mga batang nasa edad ng pagbabakuna, makipag-ugnayan sa munisipyo.

### 2.7.4 Day care center

Ang day care center ay isang institusyon na tumutulong sa naghahanap buhay na magulang sa pag-aalaga ng anak. Mayroong proseso at pagsusuri sa paglagak ng bata. Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan sa munisipyo.

### 2.7.5 Mababang paaralan, Junior High School

Sa Japan, ang mababang paaralan ay 6 na taon. Edad mula 6 hangang 15 taong gulang. Samantala, 3 taong kompulsaryong edukasyon naman sa junior high school.

Para sa magulang na may papasok na anak sa elementarya sa Kawaguchi, ipapadala ang abiso ng pagpasok bawat taon ng enero. Sakaling hindi matanggap, makipag-ugnayan sa munisipyo.

### kolum 8



Para sa mga lilipat sa elementarya at junior high school sa loob na Kawaguchi, tawagan muna ang lilipatang paaralan bago dalhin ang mga kailangang dokumento. Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan sa munisipyo.

### 3 Consultation desk for foreigners

Ang Kawaguchi ay nagbibigay ng ibat ibang impormasyon, konsultasyon sa pamumuhay sa ibat ibang wika at patnubay sa pag-aaral ng wikang hapon.

- 3.1 Lugar : Kawaguchi Shimin partner station  
(Kawaguchi 1 - 1 - 1 Cupola main bldg. 4F)
- Wika : Nihongo, English, Chinese, Korean, Vietnamese, Nepal, Indonesia, Tagalog, Thailand, Portugal, Spain, Wikang Khmer, at Wikang Myanmar
- Oras ng tanggapan : Martes - Sabado 9:00 am-12:00pm, 1:00 am-5:15pm  
\* Walang opisina Sabado, Linggo at bagong taon.
- 3.2 Lugar : City Hall Annex Bldg. (Aoki 2 - 1 - 1)
- Wika : Niponggo, Ingles, Chinese, wikang Korean, Vietnam, Nepal, Indonesia, Tagalog, Thailand, Portugal, Spain, Wikang Khmer, Wikang Myanmar at Turkey
- Oras ng Tanggapan: Huwebes 10:00 am-12:00 pm , 1:00 - 4:00 PM  
\* Walang opisina Sabado, Linggo, fiesta opisyal at Bagong taon.  
\* Maaaring mag iba ang oras ng pagtanggap para sa Wikang Turkish

Tutugunan ng mga international exchange staffs na nakakapag salita ng banyaga at ng mga banyagang tagapayo ang interpretasyon gamit ang video call.

Tel: 048-227-7607

<https://www.city.kawaguchi.lg.jp/soshiki/01060/020/4/3584.html>



### 4 Japanese Language Lesson

Marami ang boluntaryo at libreng Japanese language lesson sa Kawaguchi.

Ibat ibang oras, lugar at paraan ng pag-aaral. Piliin ang angkop para sa sariling pag-aaral.

Para sa impormasyon sa bawat silid aralan, tumawag at magtanong sa kinauukulan.

\*Patawagin ang taong marunong mag salita ng nihongo.

Listahan ng klase

<https://www.city.kawaguchi.lg.jp/soshiki/01060/020/4/4970.html>



### 5 Impormasyon ng kaganapan para sa mga dayuhan

Ibat ibang kaganapan o event ang isinasagawa ng Kawaguchi para makatulong sa dayuhan na namumuhay sa Japan.

#### • Konsultasyon para sa magulang at anak na papasok sa senior high school na hindi wikang hapon ang mother-tongue.

May mga pagtitipon na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa matrikula at iba pang bagay tungkol sa pagpasok sa paaralan. Sa pagpasok sa senior high school hind lamang ang bata, importante din ang suporta ng pamilya, mga titser ng paaralan at mga nakatatandang kamag-aral. Gamitin ang oportunidad na makausap sila para sa impormasyon tungkol dito.

#### • Seminar sa pagiwas sa sakuna para sa mga dayuhan

Ang Japan ay bansa na maraming naganap ng kalamidad katulad ng lindol at baha, kalamidad na kailanman ay hindi naranasan. Pag-aralan ang naaangkop na pagkilos at pag-uugali ng sa gayon ay maging mahinahon at mabawasan ang pinsala sa panahon ng hindi inaasahang sakuna.

#### • Seminar tungkol sa tax at pension para sa mga dayuhan


Nagsasagawa ng seminar para palalimin ang kaalaman tungkol sa sistema ng tax at pension sa Japan. Gampanan ang tungkulin sa pagbabayad ng buwis para mapakinabangan ang mga kailangang serbisyo. Ang sistema ng tax at pension ay napakagandang suporta at pagtutulongan ng mga naninirahan sa Japan. Maaaring mahirap at komplikado kaya pag-aralan natin nang mabuti.

#### • Speech Contest para sa mga dayuhan

Presentasyon sa wikang hapon para sa mga taong hindi Niponggo ang katutubong wika base sa kinalakihang bansa, pagkakaiba ng kultura at damdamin ng pamumuhay sa Kawaguchi. Sa paligsahan, hindi lang ang mananalo ang bibigyan ng premyo bagkus pati na ang mga lumahok. Ito ay pagkakataon upang masubukan ang kakayanan sa pagsasalita sa wikang hapon kaya inaanyayahan ang lahat na lumahok. Mayroong kondisyon sa pagsali kaya mangyaring makipag ugnayan sa dibisyon ng pasulong ng pakikipag tulongan.

#### • Magasin ng impormasyon sa maramihang kultura TOMO x TOMO

Ito ay isang magasin ng impormasyon para sa mga hapon at dayuhan na naninirahan sa lunsod. Inilalathala ng 3 beses isang taon Pebrero, Hunyo at Oktubre na naglalaman ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa pamumuhay at nagpapakilala sa Kawaguchi. Nakasulat sa wikang hapon na may furigana para madaling mabasa ng mga dayuhan at sa wikang banyaga English, Chinese, wikang Korean, at Vietnam), maaaring bigyang pansin.





## 6 Mahalaga at kapaki-pakinabang na institusyon at pasilidad

### • Munisipyo ng Kawaguchi

Oras ng Tanggapan: 8:30 am - 5:15 pm (Lunes - Biyernes)  
Walang opisina piesta opisyal at bagong taon  
Lokasyon: Kawaguchi City Aoki 2 - 11  
Tel: 048 - 258 - 1110

### • Tokyo Immigration

Oras ng tanggapan: 9:00 am - 4:00 pm (Walang pasok Sabado/Linggo, piesta opisyal)  
Lokasyon: Tokyo Minato-ku Minami 5 - 5 - 30  
Tel: 0570 - 034 - 259

### • Tokyo Immigration Bureau Saitama Branch Office

Oras ng Tanggapan: 9:00 am - 4:00 pm (Walang opisina Sabado/Linggo, piesta opisyal)  
Lokasyon: Saitama City Chuo-ku Shimo Ochiai 5 - 12 - 1  
2<sup>nd</sup> Legal General Government Bldg. 1F  
Tel: 048 - 851 - 9671

### • Senter ng pangkalahatang konsultasyon para sa dayuhan sa Saitama

Oras ng tanggapan: Lunes - Biyernes 9:00 am - 4:00 pm  
(Walang opisina Sabado/Linggo, Dec.29 - Jan.3)  
Lokasyon: Saitama City Urawa-ku Kita Urawa 5 - 6 - 5  
Tel: 048 - 833 - 3296

### • Serbisyo ng Japan Pensyon, Opisina ng Urawa Pensyon

Oras ng tanggapan: Lunes - Biyernes 8:30 am - 5:15 pm  
(Walang opisina Sabado/Linggo, Dec 29 - Jan 3)  
Lokasyon: Saitama City Urawa-ku Kita Urawa 5 - 5 - 1  
Tel: 048 - 831 - 1638

### • Hou Terasu Multi-lingual information service (Japan Judicial Support Center) ※Legal consultation

Oras ng tanggapan: 9:00 - 5:00 (Weekdays)  
Tel: 0570 - 078 - 377

### • Hello Work Kawaguchi ※konsultasyon sa trabaho, Job referral

Oras ng tanggapan: 8:30 - 5:15 (Walang opisina Sabado/Linggo, bagong taon)  
Lokasyon: Kawaguchi City Aoki 3 - 2 - 7  
Tel: 048 - 251 - 2901

### • Drivers License Center (Saitama Police Station)

Oras ng tanggapan: 8:30 - 4:15 (Walang opisina Sabado/Linggo, bagong taon)  
Lokasyon: Konosu City Konosu 405 - 4  
Tel: 048 - 543 - 2001

### • Emergency

No. 110 Police (Krimen, aksidente sa trapiko)  
No. 119 Fire department, emergency (sunog at biglaang sakit)

\* Para maiwasan ang pagkahawa sa nakahahawang sakit na Covid19, maaaring maiba ang oras ng pagtanggap.

## 7 Makabagong Paraan ng Pamumuhay

Para maiwasan ang panganib na mahawa sa Corona Virus, ang 「Bagong Paraan ng Pamumuhay」 ay isasama para masanay at maisagawa sa araw araw na pamumuhay.

- Pagitan sa bawat tao kung maaari 2 metro (hindi bababa ng 1metro)
- Kung maglalaro piliin sa labas kesa sa loob.
- Kung mag uusap kung maaari iwasan ang magkaharap.
- Sa labas at loob kung mag uusap, mag suot ng mask kahit walang sintomas.
- Pag uwi ng bahay, maghugas kaagad ng kamay at mukha. Kung maaari magbihis at maligo.
- Sa paghuhugas ng kamay, sabuning maigi ng 30 segundo. (Maaari ding gumamit ng sanitizer)
- Maging istriktong pangangalaga sa kalusugan sa pakikipagkita sa matatanda at taong may mga chronic illness.

Iwasang lumabas ng bahay kung may sintomas katulad ng sa trangkaso. Ang pag-iwas sa mga sumusond ay makakapigil sa pagkahawa sa virus, katulad ng 「hindi magandang sirkulasyon ng hangin」 「makisama sa umpukan ng tao」 「pakikipagkita sa hindi tukoy na dai ng tao」. Ang kooperasyon ng bawat isa ay mahalaga. Isaisip at isagawa ang mga nabanggit sa itaas.

### • Para sa mga dayuhan na nag aalala sa epekto ng bagong corona virus

#### FRES Help Desk

Oras ng tanggapan: 9:00AM ~ 5:00PM (Sarado sa Sabado, Linggo at Piesta opisyal)  
Telepono: 0120-76-2029 ※Walang bayad

### • Hotline ng konsultasyon para sa mga dayuhan tungkol sa Corona Virus

Oras ng tanggapan: 24 oras (Kasama ang Sabado, Linggo at Piesta opisyal)  
Telepono: 048-711-3025

### • Tatawagang telepono sa Kawaguchi City para sa payo tungkol sa Covid19

Oras ng Pagtanggap: AM 8:30-PM 5:15 (Lunes ~ Sabado)  
Telepono: 050-3614-4454

